

PART I – MULTIPLE CHOICE (1–25)

Piliin ang tamang sagot. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Pilipinas ay bahagi ng tinatawag na _____.
 - a. Pacific Ring of Fire
 - b. Pacific Ocean
 - c. Asian Continent
 - d. Coral Triangle
2. Ang pagiging bahagi ng Pilipinas sa Pacific Ring of Fire ay dahilan kung bakit ang bansa ay _____.
 - a. walang panganib
 - b. sensitibo sa panganib
 - c. ligtas sa kalamidad
 - d. walang lindol
3. Ang ahensiyang tumutukoy sa mga lugar sa bansa na sensitibo sa panganib ay ang _____.
 - a. PAGASA
 - b. PHIVOLCS
 - c. DENR
 - d. DOH
4. Ang programang tumutukoy sa mga lugar na sensitibo sa lindol, pagguho ng lupa, at pagputok ng bulkan ay _____.
 - a. GeoHazard Mapping and Assessment Program
 - b. Weather Forecasting Program
 - c. Disaster Relief Program
 - d. Environmental Plan
5. Ang maagap na pagtugon sa panganib ay nakababawas sa _____ dulot ng kalamidad.
 - a. magagandang epekto
 - b. masamang epekto
 - c. ulan
 - d. usok
6. Ayon sa PHIVOLCS, ang buong bansa ay may panganib ng lindol maliban sa lalawigan ng _____.
 - a. Ifugao
 - b. Palawan
 - c. Surigao
 - d. Pampanga
7. Ang mga lalawigang sensitibo sa panganib ng lindol ay La Union, Benguet, Pangasinan, Pampanga, Tarlac, Ifugao, Nueva Vizcaya, Nueva Ecija, Surigao del Sur, Cotabato, at _____.
 - a. Davao Oriental
 - b. Laguna
 - c. Batanes
 - d. Camiguin
8. Ang mga lalawigang lubhang mapanganib sa pagguho ng lupa ay Ifugao, Lanao del Sur, Sarangani, Benguet, Mountain Province, Bukidnon, Aurora, Davao del Sur, Davao Oriental, at _____.
 - a. Rizal
 - b. Laguna
 - c. Bataan
 - d. Sulu
9. Noong 1991, ang pagputok ng Bulkang Pinatubo ay itinuring na _____.
 - a. pinakamahirapang pagsabog
 - b. pinakamahirapang pagsabog
 - c. unang pagsabog sa Asya
 - d. huling pagsabog sa Luzon
10. Ang mga lalawigang sensitibo sa panganib dulot ng pagputok ng bulkan ay Camiguin, Sulu, Biliran, Albay, Bataan, Sorsogon, South Cotabato, Laguna, Camarines Sur, Batanes, at _____.
 - a. Batangas
 - b. Rizal
 - c. Quezon
 - d. Ifugao
11. Noong Nobyembre 14, 1994, ang lalawigan ng Mindoro ay tinamaan ng lindol na may magnitude na _____.
 - a. 5.0
 - b. 6.3
 - c. 7.1
 - d. 9.0
12. Ang tsunami ay isang _____ pagtaas ng alon sa dalampasigan dulot ng lindol sa ilalim ng dagat.
 - a. pangkaraniwang
 - b. di-pangkaraniwang

- c. mababaw
 - d. simpleng
13. Ang natural na babala na may paparating na tsunami ay ang _____ ng tubig sa pampang o dalampasigan.
- a. pag-akyat
 - b. pagtaas
 - c. biglang pagbaba o pagkawala
 - d. pagdilim
14. Ang mga lalawigang madalas tamaan ng bagyo ay matatagpuan sa _____ bahagi ng bansa.
- a. kanlurang
 - b. timog
 - c. hilagang
 - d. silangang
15. Ang ahensiyang nagbibigay ng babala ukol sa bagyo ay ang _____.
- a. DENR
 - b. PAGASA
 - c. PHIVOLCS
 - d. DSWD
16. Kapag ang hangin ay may lakas na 30–60 kilometro bawat oras, ito ay nasa Babala Bilang _____.
- a. 1
 - b. 2
 - c. 3
 - d. 4
17. Kapag ang hangin ay may lakas na 171–220 kilometro bawat oras, ito ay nasa Babala Bilang _____.
- a. 2
 - b. 3
 - c. 4
 - d. 5
18. Ang Babala Bilang 5 ay inilalabas kapag ang hangin ay hihigit sa _____ kilometro bawat oras.
- a. 120
 - b. 150
 - c. 200
 - d. 220
19. Ang maagap na pagtugon sa panganib ng bagyo ay nakatutulong upang _____ o mabawasan ang pinsala.
- a. maiwasan
 - b. madagdagan
 - c. mapalakas
 - d. mapahina
20. Ang bawat pamilya ay dapat mayroong _____ sa oras ng kalamidad.
- a. emergency kit
 - b. radyo
 - c. ilaw
 - d. cellphone
21. Ang mga bata ay dapat alam kung saan _____ sakaling magkahiwa-hiwalay.
- a. mag-aaral
 - b. magtitipon
 - c. magpapahinga
 - d. maglalaro
22. Ang mga paaralan ay nagsasagawa ng _____ upang maiwasan ang masamang epekto ng kalamidad.
- a. parade
 - b. seminar
 - c. disaster drills
 - d. pagtitipon
23. Kapag may bagyo, mahalagang makinig sa ulat ng _____ para sa pinakahuling balita.
- a. DSWD
 - b. PAGASA
 - c. DepEd
 - d. DILG
24. Pagkatapos ng bagyo, iwasang _____ sa baha.
- a. lumusong
 - b. maglaro
 - c. magsayaw
 - d. magpahinga
25. Ang mga nangyayaring malakas na pag-ulan ay maaaring magdulot ng _____.
- a. paglipad ng bubong
 - b. pagguho ng lupa

- c. pagkabaha
- d. pagkasunog

PART II – IDENTIFICATION (26–32)

Isulat ang tamang sagot sa patlang.

- 26. Ahensiya na nagbibigay ng babala tungkol sa bagyo – _____
- 27. Ahensiya na nagmamamag sa mga pagputok ng bulkan at lindol – _____
- 28. Programang ng DENR na tumutukoy sa mga lugar na sensitibo sa panganib – _____
- 29. Ang tinatawag na “Ring of Fire” kung saan kabilang ang Pilipinas – _____
- 30. Isang di-pangkaraniwang pagtaas ng alon sa dagat dulot ng lindol – _____
- 31. Kagamitang dapat mayroon ang bawat pamilya sa oras ng kalamidad – _____
- 32. Ahensiyang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa lindol – _____

PART III – ENUMERATION (33–39)

33–36. Ibigay ang apat (4) na hakbang na dapat gawin bago dumating ang bagyo.

37–39. Ibigay ang tatlong (3) paalala habang may bagyo.

PART IV – ESSAY (40)

Sagutin sa tatlo o higit pang pangungusap.

- 40. Bakit mahalagang maging maagap at may wastong pagtugon sa mga panganib at kalamidad?